# Habang ang mga tao ay nasa Quba`sa dasal na madaling-araw (Subh) ay dumating sa kanila ang Ayah,nagsabi siya: Na ang propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,ay ibinaba sa kanya noong gabi ang Qur-an,at ipinag-utos sa kanya ang pagharap sa Qiblah,at humarap sila rito

Habang ang mga tao ay nasa Quba` sa dasal na madaling araw(Subh),ay dumating sa kanila ang isang lalaki( A`tt),nagsabi siya: Na ang propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,ay ibinaba sa kanya noong gabi ang Qur-an,at ipinag-utos sa kanya ang pagharap sa Qiblah,at humarap sila rito,at ang mga mukha nila ay nakaharap sa Sha`m,at lumihis sila sa Ka`bah))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Lumabas ang isa sa mga kasamahan ng propeta sa masjid Quba` sa gitna ng lungsod,natagpuan niya ang pamilya niya na hindi pa naiparating sa kanila ang pagpalipat sa Qiblah.At nanatili parin sila sa pagdarasal sa unang Qiblah,ipinaalam niya sa kanila ang paglihis ng Qiblah sa Ka`bah.At ang propeta -pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,ay ibinaba sa kanya ang Qur-an dahil doon,-itinuturo nito ang Pagsabi Niya-Pagkataas-taas Niya:( Katotohanang napagmasdan Namin ang pagbaling ng iyong mukha tungo sa kalangitan.Katiyakang ililingon ka Namin sa isang Qiblah na magbibigay kasiyahan sa iyo,kaya`t ilingon mo ang iyong mukha patungo sa Ka`bah.At kahit saan pa man kayo naroroon,ilingon ninyo ang inyong mukha sa gayong lugar.Katiyakan ang angkan ng kasulatan,ay ganap na nakaka-alam na ito ang katotohanan mula sa kanilang panginoon.At si Allah ay hindi nakakalimot sa kanilang gingawa.Kabanata ng Al-Baqarah;144).At siya pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ay humarap sa Al-Ka`bah,At kabilang sa pagka-maalam nila at bilis ng pang-unawa nila at katumpakan nito,lumihis sila mula sa deriksiyon ng Bayt Al-Maqdis-Ang Qiblah nila sa una-sa Qiblah nilang pangalawa;Ang kagalang-galang na Ka`bah.

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee